

EXHIBIT E



Mahalagang Impormasyon sa Pagsingil para sa Pinansiyal na Tulong ng mga Pasyente Buod ng Payak na Wika

Salamat sa pagpili sa Sharp HealthCare Hospitals. Dinesenyo ang handout na ito para tulungan ang mga pasyente natin na maunawaan ang Tulong Pinansiyal na magagamit ng mga pasyente, ang proseso ng aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, at ang mga opsyon mo sa pagbabayad. Hindi kasama sa singil sa iyo ng ospital ang mga serbisyo na maaaring natanggap mo sa pananatili mo sa ospital mula sa mga manggagamot, anesthesiologist, clinical professional, kumpanya ng ambulansiya, at ibang tagapaglaan na maaaring sumingil sa iyo nang hiwalay para sa mga serbisyo nila. Kung nais mong humingi ng tulong sa pagbabayad ng mga bayarin mo mula sa mga ibang tagapaglaang ito, kailangan mong direktang kontakin ang mga tagapaglaang iyon.

Mga Serbisyon Pang-emergency: Kung nakatanggap ka ng mga serbisyon pang-emergency sa ospital, makakatanggap ka ng hiwalay na singil para sa manggagamot sa emergency room. Ang anumang mga tanong na patungkol sa manggagamot sa emergency room ay dapat idirekta sa manggagamot. Ang isang manggagamot sa emergency room, ayon sa kahulugan sa Seksiyon 127450 ng Health and Safety Code, na nagbibigay ng medikal na serbisyon pang-emergency ay isaang ospital na nagbibigay ng pangangalagang pang-emergency ay inaatasan ng batas na magbigay ng mga diskuwento sa mga pasyenteng walang insurance o mga pasyenteng may insurance na mataas ang medikal na gastos na nasa o mas mababa sa 350% ng pederal na antas ng kahirapan.

Mga Opsiyon/Plano ng Pagbabayad: Ang mga balanse ng account ng pasyente ay nakatakda sa pagtanggap. Maraming opsyon ang Sharp HealthCare para tulungan ka sa pagbabayad ng bayarin mo sa ospital. Maaaring piliin ng mga pasyenteng mag-ayos ng pagbabayad para sa bayarin nila sa ospital. Dapat makipagkasundo para sa Pinansiyal na Kasunduan bago makatanggap ang opisina ng Mga Pinansiyal na Serbisyo ng Pasyente ng mga pag-aayos ng bayad na nagpapahintulot sa mga pasyenteng bayaran ang mga bayarin nila sa ospital sa paglipas ng panahon. Ang mga pag-aayos na ito ay walang interes para sa mababang kitang walang insurance na mga pasyente at ilang pasyente na nararapat ang kita na may mataas na gastusing medikal. Ang plano sa pagbabayad ay pinagkakasundo sa pagitan ng Ospital at pasyente.

Medi-Cal, Medi-Cal Hospital Presumptive Eligibility at Iba Pang Kwalipikado sa Programa ng Gobyerno: Maaaring nararapat ka sa tinaguyod ng pamahalaang programa ng benepisyo. Ang bawat Ospital ay may kawaning tutulong sa iyong mag-apply sa mga programa ng pamahalaan na tulad ng Medi-Cal. Maaari kang makipag-ugnay sa Hotline ng Sharp HealthCare Pinansiyal na tagapayo Lunes hanggang Biyernes sa (858) 499-5901 kung gusto mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga programa ng pamahalaan, o kailangan ng tulong sa pag-apply para sa mga nasabing programa. Ang Health Consumer Alliance ay isang organisasyon na tutulong sa iyo na maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad pati na rin ang impormasyon tungkol sa Sinasakop ng California at Medi-Cal Hospital Presumptive Eligibility. Para sa mga lokal na serbisyo sa iyong lugar maaari kang makipag-ugnayan sa Sentro ng kunsimidor para sa Consumer Center for Health Education and Advocacy (CCHA) sa pamamagitan ng telepono sa (877) 734-3258 o online sa <https://healthconsumer.org>.

Covered California: Maaaring nararapat ka sa pagsasaklaw para sa pangangalaga ng kalusugan sa ilalim ng Covered California, na palitan ng California sa pangkalusugang benepisyo sa ilalim ng Affordable Care Act. Kontakin ang Hotline ng Sharp HealthCare Pinansiyal na tagapayo Lunes hanggang Biyernes sa (858) 499-5901 para sa karagdagang detalye at tulong para makita kung kuwalipikado ka para sa pagsasaklaw sa pangangalaga ng kalusugan sa pamamagitan ng covered California.

Buod ng Tulong Pinansiyal (Charity Care): Naninindigan ang Sharp HealthCare sa pagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga kuwalipikadong pasyenteng mababa ang kita at mga pasyenteng may insurance na ang pasyente ay kailangang magbayad ng makabuluhang bahagi ng pag-aalaga sa kanila. Ang sumusunod ay isang buod ng mga pangangailangan sa pagiging nararapat para sa Tulong Pinansiyal at proseso ng aplikasyon para sa mga pasyenteng nais humingi ng Tulong Pinansiyal. Ang sumusunod ay mga kategorya ng mga pasyente na nararapat sa Tulong Pinansiyal:

- Mga pasyenteng walang third-party na pagkukunan ng bayad, tulad ng kompanya ng insurance o programa ng pamahalaan, para sa anumang bahagi ng kanilang mga medikal na gastos **at** may kita ng pamilya na nasa o mas mababa sa 400% ng pederal na lebel ng kahirapan.
- Mga pasyenteng nasasaklawan ng insurance pero may (i) kita ng pamilya na nasa o mas mababa sa 400% ng pederal na lebel ng kahirapan; **at** (ii) may medikal na gastos para sa sarili nila o sa pamilya nila (nagkaron sa kasapi ng ospital o binayad sa mga ibang tagapaglaan sa nakaraang 12 buwan) na lagpas sa 10% ng kita ng pamilya ng pasyente.
- Mga pasyenteng nasasaklawan ng insurance pero inubos ang mga benepisyo nila bago o sa panahon ng pananatili nila sa ospital, at may kita ng pamilya na nasa o mas mababa sa 400% ng pederal na lebel ng kahirapan.

Maaari kang mag-apply para sa Tulong Pinansiyal gamit ang form ng aplikasyon na makukuha mula sa Patient Access Services, na nasa loob ng Patient Access / Registration Department sa Ospital o sa pagtawag sa Sharp HealthCare Customer Service sa (858) 499-2400, o sa Sharp HealthCare website www.sharp.com/billing. Maaari ka ring magsumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kinatawan mula sa Patient Access Services, na tutulong sa iyong kumpletuhin ang aplikasyon. Sa proseso ng aplikasyon, hihilingin sa iyong magbigay ng impormasyon tungkol sa dami ng tao sa pamilya mo, ang buwanan mong kita, at ibang impormasyon na tutulong sa ospital na malaman ang pagiging nararapat ,o para sa Tulong Pinansiyal. Aatasan kang magbigay ng tatlong buwan ng mga bank statement, pay slip at tala sa buwis para tulungan ang Sharp HealthCare na patotohanan ang kita mo.

Matapos kang magsumite ng aplikasyon, rerepasuhin ng ospital ang impormasyon at aabisuhan ka sa pamamagitan ng sulat tungkol sa pagiging nararapat mo. Kung may anumang mga tanong ka sa proseso ng aplikasyon, maaari kang makipag-ugnay sa Sharp HealthCare Customer Service sa (858) 499-2400.

Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng ospital, maaari kang magsumite ng pagtanggap sa tanggapan ng Patient Access Services o sa Sharp HealthCare Customer Service Department sa (858) 499- 2400 o sa pamamagitan ng sulat sa Sharp HealthCare 8695 Spectrum Center Blvd San Diego, CA 92123.

Ang mga kopya ng Financial Assistance (FA) Policy at FA Applications ng Ospital, ang Payak na Wikang Buod, pati na ang mga aplikasyon sa programa ng pamahalaan ay makukuha sa maraming wika nang personal sa aming mga tanggapan ng Patient Registration at Patient Access Services pati na online sa www.sharp.com/billing. Maaari ka naming padalhan ng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal nang libre kapag nakipag-ugnay ka sa Sharp HealthCare Customer Service department sa (858) 499-2400.

Ayon sa Internal Revenue Code Seksiyon 1.501(r), ipinatutupad ng Sharp HealthCare ang panukalang paraan ng Medicare sa mga halagang sa pangkalahatang sinisingil at 140%; subalit, ang mga pasyenteng nararapat sa tulong pinansiyal ay hindi pinansiyal na responsable sa mahigit sa mga halagang sa pangkalahatan ay sinisingil dahil ang mga nararapat na pasyente ay hindi nagbabayad ng anumang halaga.

Mga nakabinbing aplikasyon: Kung naisumite ang aplikasyon para sa isa pang programang pagsasaklaw sa kalusugan kasabay ng pagsumite mo ng aplikasyon para sa charity care, walang alinmang aplikasyon ang magtatanggal ng pagiging nararapat sa kabilang programa.

Abiso sa Pagiging Nararapat sa Mga Pinansiyal na Estima: Ang mga kahilingan para sa mga nakasulat na estima ng pinansiyal mong responsibilidad para sa *mga serbisyo ng ospital lang* ay dapat gawin sa oras ng negosyo. Ang estima ay magbibigay sa iyo ng tinatayang halaga na aatasan ng ospital na bayaran ng pasyente ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, mga procedure, at mga supply na makatwirang inaasahang ilaan ng ospital. Ang mga estima ay batay sa karaniwang tagal ng pananatili at mga serbisyo na nilaan sa diyagnosis ng pasyente. Ang mga ito ay hindi pangakong magbigay ng mga serbisyo sa nakapirming halaga. Ang pinansiyal na pananagutan ng pasyente ay maaaring humigit kumulang sa estima batay sa mga aktuwal na serbisyo na natatanggap ng pasyente sa oras ng serbisyo, at hindi kasama ang mga singil sa serbisyong nilaan ng mga manggagamot sa pananatili ng pasyente sa ospital. Maaaring makatanggap ang mga pasyente ng hiwalay na mga billing statement mula sa mga personal na manggagamot, anesthesiologist, pathologist, radiologist, mga kompanya ng ambulansiya o ibang medikal na propesyonal na hindi mga empleyado ng ospital. Para talakayin ang singil ng manggagamot, kontakin ang tagapaglaan sa numero sa kanilang billing statement.

Paunawa ng Availability ng Mga Serbisyong Mabibili sa Online: Bilang pagsunod sa mga pederal na regulasyon, maa-access ng mga konsumidor ang isang listahan ng aming mga serbisyong nabibili sa pamamagitan ng aming website: <https://www.sharp.com/patient/billing/pricing.cfm>

Kung may anumang tanong ka tungkol sa mga nakasulat na estima, mangyaring humiling ng pagbisita sa tabi ng kama mo mula sa aming Patient Access Services Office sa ospital. Kung may mga tanong ka sa pagsingil, o gusto mong magayad gamit ang telepono, mangyaring kontakin ang Sharp HealthCare Customer Service Department sa (858) 499-2400.